ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 17 Setyembre 3-9, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

## LOLO NA MAY TAMPO SA ASAWA'T ANAK, NAGBARIL SA SARILI SA CAVITE

pahina 2




## DOH-CALABARZON OPENS SURGERY CENTER IN BATMC

p. 11

## SISTERS PARTNERS IN CRIME SA 'DASMA, HANGGANG KULUNGAN MAGKASAMA

pahina 12

## FILIPINO IM GARCIA BINIGO SI INDON GM MEGARANTO PARA IHATID ANG KL CHESS KIDS TEAM ALPHA SA KAMPEONATO

p. 6

## BACOOR TECH GRADS POST HIGHEST IN NUMBER, INCOME GENERATED

p. 9

## KAPATID MENTOR ME PROGRAM STRENGTHENING MSMEs IN CAVITE

p. 4

## TRAFFIC ENFORCERS NG IMUS CITY, HINDI NATINAG SA NAGPANGGAP NA PULIS

p.5

## CAVITE LEARNING ACADEMY OFFERS 'SAFE FOOD HANDLING' TRAINING

p.7

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# LOLO NA MAY TAMPO SA ASAWA'T ANAK, NAGBARIL SA SARILI SA CAVITE

**HINDI nakayanan ng isang 71-anyos na lolo ang umano'y tampo sa kanyang asawa't mga anak kaya nagpasya itong magpakamatay sa pamagitan ng pagbaril sa sarili sa Magallanes, Cavite.**

Kinilala ang biktima na si Edilberto Anos, may-asawa, magsasaka, ng Brgy. Poblacion 4 Magallanes.

Sa report ni PO2 Fercival Signo, ng Magallanes Municipal Police Station, base sa nakuhang suicide note ni Anos, lumalabas na hindi niya nakayanan ang hinanakit sa kanyang asawa't mga anak kaya upang matapos na ay pinili nitong magpakamatay sa pamagitan ng pagbaril sa sarili dakong alas-10:48 ng umaga sa loob ng kanyang nipa hut sa Sito Malinta, Brgy. Cabulusan, Magallanes.

Humingi rin ng pamunahin ang biktima sa asawa't anak kasabay ng pagsasabing "wala nang magtatampo" ayon sa kanyang suicide note.

Nakuha sa tabi ng biktima ang baril na ginamit sa pagpapakamatay at isang suicide note.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

# Programa sa mga PWDs, patuloy na isusulong ng lokal na pamahalaan ng Lucena

**LUNGSOD NG LUCENA (PIA)**— Patuloy na isinusulong ng pamahalaang panglungsod ng Lucena ang mga programa at proyekto para sa mga taong o persons with disabilities (PWDs).

Sa idinaos na kapihan sa PIA sa Pacific Mall sa lungsod na ito kamakailan, sinabi ni konsehal Sunshine A. Llaga na may mga programang ipinatutupad ang pamahalaang panglungsod sa pangunguna ni Mayor Dondon Alcala kagaya ng pagbibigay ng mga wheel chair at mga regalo o 'birthday gifts' kapag sumasapit ang kaarawan ng mga PWDs.

Sinabi pa ni konsehal Llaga na patuloy na isinusulong ngayon ng pamahalaang panglungsod ang pagbubuo ng local code na siyang tutulong para sa kapakanan ng mga PWDs sa lungsod ng Lucena.

"Baka sa susunod na taon ay maisaayos, mapagtibay at maipatupad na ang bagong local code para sa mga PWDs," ayon pa sa konsehal.

Sinabi rin ni konsehal Llaga na nais din niya na magkaroon ng PhilHealth coverage ang mga PWDs upang matulungan din ang mga ito sa oras ng pagkakasakit.

Sa kasalukuyan ay mayroong 5,000 miyembro ng mga PWDs sa lungsod ng Lucena.

Ang lungsod ng Lucena ay mayroon ding binuong Lucena City Council on Disability Affairs na siyang tumutulong sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa PWDs. (**Ruel Orinday, PIA-Quezon)**

# BJMP member, 3 pa huli sa aktong nagsa-shabu

HINDI na nakatangggi pa ang isang suspendidong miembro ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) at tatlo pang kasamahan nito nang arestuhin ng mga elemento ng Tanza Police habang nasa aktong sumisinghot ng shabu sa bahay ng una Tanza, Cavite.

Nakulong sa Tanza Custodial Center ang mga suspek na sina SJO2 Melandro Lee, 54, miembro ng BJMP Escorting Team at residente ng Blk 32, Lot 5, Pahse 2, Carissa Homes, Brgy. Bagtas, Tanza; ang live in partner nitong si Milet Tulipas, 54; Marvin Palomino, 25, contrsuction worker; at Domingo Padilla, 43, kapwa residente ng Carissa Homes Brgy. Bagtas.

Sa report ni SPO2 Roberto Lacasa, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-11:30 ng gabi nang nagsagawa ng operasyon sa mismong bahay ni Lee makaraang nakatanggap ng tawag mula sa isang concerned citizen na umano'y may illegal na ginagawa sa tinitirhan nito nang napansin na labasmasok ang tao sa kanyang bahay.

Pagpasok ng mga elemento ng Tanza police sa bahay ni Lee, naaktuhan ang mga ito sa aktong sumisinghot ng shabu.

Nakuha mula sa mga suspek ay mga shabu paraphernalias, mga sachet ng shabu, aluminum foil at aluminum tooter kung saan nakarolyo ng shabu, isang kalibre 45 na baril at 15 mga bala ng kalibre 45.

Ayon sa BJMP-Tanza, na tumangging magpakilala, dalawang buwan pa lamang umano nagdu-duty si Lee sa BJMP-Tanza nang lumabas ang kanyang suspension order na nagsimula noong January 2018 hanggang sa kasalukuyan.

Kasong paglabag sa Sec 11, Sec. 12 at Sec. 13 ng R.A. 10591 ang isinampang kaso laban sa mga suspek. **GENE ADSUARA**



**CARING FOR THE CONSTITUENTS OF KAWIT:** First District Board Member Gilbert Gandia, together with OIC-Mayor Juan Ysmael Gandia and OIC-Vice Mayor Medel Caimol expressed their gratitude to the provincial government of Cavite thru the OPG-Extension and the Provincial Health Office for continuously delivering healthcare services to their constituents in Barangay Congbalay-Legaspi in the municipality of Kawit on August 23, 2018 held at Binakayan Elementary School. Four hundred ninety-five residents have availed free check-ups, consultations and dental services rendered by medical practitioners from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and the City Health Office. Mothers were also given free counselling on family planning and proper birth spacing facilitated by the employees of the Cavite Population Office. Barangay Captain Ronaldo Rodriguez, barangay health workers and members of the Balikatan sa Kaunlaran and Magdalo Kawit Chapter were also present to support the event.—**(PICAD)**

# PhilHealth way ahead of COA Report

State agency Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) announces today that it is well on its way to regaining financial stability as evidenced by its total cash position of P37 billion as of May-end this year, citing encouraging financial prospects in contrast to its 2017 performance as contained in a Commission on Audit report.

The COA reported that PhilHealth incurred net operating loss of P4.7 billion in 2017.

For the first five months of the year, PhilHealth recorded cash inflow of P54.7 billion consisting of premium contributions collection of P45 billion; and proceeds from matured bonds at P6.9 billion, investment income of P2.7 billion, and other income of P140 million all amounting to P9.7 billion.

On the other hand, its cash outflow totaled P51.3 billion, of which P38.4 billion and P2.3 billion comprise the biggest spending items for benefit claims and operating expense, respectively.

The resulting net inflow of P3.4 billion and its starting cash position of P33.5 billion in January of this year amounted to total cash of P37 billion which PhilHealth said is enough guarantee that it has the liquidity to pay its obligations to accredited providers serving its members.

It even noted that premium collection and benefit payments ratio is starting to show early on a reversal of its 2017 year-end performance of higher payouts than premium collections.

The state agency's Acting Chief Dr. Roy B. Ferrer expressed high hopes that its relentless efforts will continue to stabilize their financial condition and be more resilient in order to sustain not just its growing benefit payouts but also in introducing more benefit packages for the members.

*"We attribute this positive trend to our concerted efforts at improving collection efficiency especially in the private sector, heightened members' consciousness to pay their dues particularly those in the informal sector, and prudence and austerity in spending."* explained Ferrer, adding that *"members and stakeholders alike can very well rely on our commitment to our lawful mandates."*

Among the benefits that it recently launched are four Z Packages for Children with Disabilities which address developmental disabilities, mobility impairment, visual disabilities, and hearing impairment; and an expanded primary care package consisting of consultation with a doctor and a set of primary care services, diagnostics and medicines. The package was initially being provided to indigent, sponsored and kasambahay members.

PhilHealth said that it acknowledges the COA report which was one of the highlights of the recent two joint congressional oversight hearings on the implementation of the National Health Insurance Law.

While the report correctly pointed out its net operating loss at P4.7B against the P8.9B which was widely and erroneously reported in the media, the state agency said that they owe it to their 97-million strong beneficiaries to continue working hard to achieve excellent financial health.

To continue the positive financial trend that it already posted for the first five months of the year, PhilHealth has committed to further strengthen its accounts management operations to ensure that employers are remitting regularly and correctly to the National Health Insurance Fund, alongside efforts to go after the few erring ones who either refuse to remit, remit selectively, or underdeclare salaries to remit lower premiums.

It is also beefing up its anti-fraud program to prevent fraudulent activities, and to aggressively penalize erring members, employers and health care providers to the fullest measure of the law.

PhilHealth said that it is also poised to collect more to improve its financial portfolio with the support of the Department of Budget and Management. For this year, Congress has approved additional appropriation for the adjusted premium rates for the employed sector and subsidy for senior citizen members. PhilHealth is now working with the DBM to increase premium rates for indigents and senior citizens as recommended by the COA.

On the spending end, PhilHealth said that it is currently reviewing its case rates and is closely collaborating with its partners and stakeholders in the health delivery sector to arrive at payment rates that are adequate and appropriate to cover the basic services that its accredited providers perform for insured patients. (END) ***(Rey T. Baleña)***



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Salamat po, pero di tatakbo si Atty. Batas sa 2019

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "... Alalahanin ninyo ang Lumikha habang kayo ay bata pa, bago dumating ang mga araw ng kapighatian..." (Mangangaral 12:1, Bibliya).

-ooo-

**MARAMING SALAMAT, PERO DI PO TATAKBO SI ATTY. BATAS**: Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus sa mga nagpupumilit isama ang inyong lingkod sa mga posts nila sa social networking sites gaya ng Facebook sa nais nilang manalo bilang mga senador sa halalan sa 2019.

Bagamat isang malaking karangalan para sa inyong kaibigan, si Atty. Batas Mauricio, na naisasama ang kanyang pangalan sa mga ganitong social media posting sa mga tatakbong senador kasama ng iba pang mga kagalang-galang na personalidad, lilinawin ko lang po na wala na po akong ambisyon sa pulitika sa ngayon. Ang akin pong nais tutukan ng aking pansin sa kasalukuyan ay ang ibinigay ng Diyos sa aking gawain bilang isang manggagawa ng Kanyang Salita.

Nagsusumikap po ako ngayon, ayon sa gabay ng Diyos, na maging tapat sa pagkakatawag sa akin sa gawaing ito, kasama ang mga Anak Ng Diyos Kadugo Ni Kristo. Sa inyo pong nagtitiwala na dapat akong maging senador ng bansa, maraming salamat po sa inyo. Nakakataba ng puso ang inyong magandang pangitain para sa akin pero mas pahahalagahan ko po ang inyong mga panalangin para sa aking gawain para sa Panginoong Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, na Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Mabuhay!!!

-ooo-

**TUUSIN ANG MGA KANDIDATONG SENADOR SA 2019 BATAY SA SALITA NG DIYOS:** Magkaganunman, kailangan na ng sambayang Pilipino na tuusin ng husto ang mga nagnanais magpahalal bilang mga senador sa 2019. Naririto po ang batayan sa pagtutuos, mula sa aking kolum noong Pebrero 12, 2013: "... lalong umiigting na ang pangangailangang umpisahan na din nating tuusin at sukatin ang mga nagnanais maging senador at nagpapahalal sa iba pang mga posisyon, batay sa Salita ng Diyos.

"Sa ngayon, ang layunin natin bilang mga botante ay mabulatlat ang pribadong buhay ng lahat ng mga kandidato, at alamin kung sa kanilang mga kilos, salita, isip at gawa ay kakikitaan sila ng takot at pagmamahal sa Diyos. Sigurado akong madali lamang gawin ito, upang makakuha tayo ng katibayan sa pagiging maka-Diyos at makalangit ng mga kandidato, kaakibat ng kahandan nilang maglingkod.

"Ang kandidatong nabubuhay batay sa Salita ng Diyos ay siguradong magiging mabuti, malinis at tapat na opisyal matapos siyang mahalal. Ang kandidatong ni hindi nakakaalam sa Salita ng Diyos ay sigurado namang magiging tiwali sa pagtupad ng kanyang mga tungkulin, at magiging madali para sa kanya na unahin ang interest ng kanyang sarili at ng kanyang pamilya, kahit na mapariwara pa ang interest ng sambayanan, na nangyayari na nga sa ngayon.

-ooo-

**BIBLIYA, PANUKAT SA MGA KANDIDATO:** At ito ang dapat nating hanapin mula sa mga kandidatong nangangampanya na ngayon ng lubusan upang makuha ang ating mga boto—sila ba ay mga tunay na nananampalataya sa Diyos, at kumikilos upang alamin ang Kanyang Salita at sumunod sa Kanyang mga utos? Alam ba ng mga kandidatong ito na sa Mangangaral 12:13 ng Bibliya, may babala na dapat tayong matakot sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga utos?

"Ayon sa Mangangaral 12:13: `... Ngayon, narinig na ang lahat, naririto ang katotohanan: matakot ka sa Diyos at sundin mo ang Kanyang mga utos, sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao...' Ang isang kandidatong may takot sa Diyos ay nagsusumikap alamin ang Kanyang Salita at sumunod sa Kanyang mga utos, sapagkat nalalaman nito na ito ang mga itinakda ng Diyos para sa ating lahat.

"Kung ni hindi nakakakila ang isang kandidato ng kahit na isang Salita lamang ng Diyos, papaano natin siya aasahang sumunod sa mga Salitang ito? Kung ni hindi nakakasunod ang mga kandidatong ito sa Diyos, papaano natin sila aasahang maglingkod sa kanilang mga nasasakupan at mabigyan ang mga ito ng mahusay na serbisyo? Kung ganun, kailangang lantarang tuusin nating lahat ang mga kandidato kung sila ba ay nagbabasa ng Bibliya at sumusunod sa Diyos.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Kakambal ay kamatayan

LIMANG bata na sa kanilang murang gulang ay nagbuwis kaagad ng buhay bunga ng naganap na sunog sa Tondo, Maynila.

Tinalakay sa isang television show kung may pananagutan ba o wala ang magulang ng mga namatay na bata.

Hindi na natin bibigyang pansin ang paksang ito lalo at alam naman ng bawat isa na napakasakit na mawalan ng mahal sa buhay.

Kung mapapatunayan sa pagsisiyasat ay bahala na ang batas diyan.

Nababanggit lamang natin ang tungkol sa sunog dahil sa ating madalas na naririnig.

Ang sabi nga ay hindi na baleng manakawan ka na raw huwag ka lamang masunugan.

Kasi raw kung nakaw lamang ay madali kahit paano na mapalitan ang mga nawalang ano mang gamit.

Hindi kagaya sa sunog na talagang aabuhin o uubusin ang lahat ng kagamitan.

Pagkatapos ay hayun nga at may posibilidad pang may mamamatay sa sunog.

Sagot naman ng iba ay ganoon din ngayon sa nakaw, puwede ring may mamatay.

Ang mga magnanakaw daw ay handa at wala na ring takot kung pumatay.

Lalo at sa looban nilang bahay ay may magigising at makikita ang kanilang ginagawang pagnanakaw.

Parang manok na lamang ang tingin nila sa tao kung ito ay kanilang patayin.

Kaya naman hindi na marahil tama ang dating naririnig nating hindi na baleng manakawan huwag lamang masunugan.

Sunog at nakaw, parehong kakambal ay kamatayan.

# EDITORYAL

## Guhit ng tadhana

MAGANDANG kinabukasan ng pamilya o mga anak ang pangunahing layunin ng bawat overseas Filipino worker.

Hindi alintana ang mapalayo sa mga mahal sa buhay at ang kapalarang kakaharapin sa gagawing pagtatrabaho sa ibang bansa.

Lalong higit na kumplikado para sa isang babae o isang ginang dahil sila ang mas malapit sa ambang panganib.

Maaaring masadlak sa abusadong mga amo na nananakit at ang masakit ay may kasama pang panghahalay.

Sa mga kapatid nating Katoliko, ang panalangin sa Maykapal ang nagsisilbing kanilang baon sa pag-alis.

Lahat sila ay kumakapit sa Diyos subalit kung mayroong sinusuwerte ay bakit mayroon ding hindi pinapalad?

Iyan ba ang tinatawag na guhit ng tadhana?

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES** *Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*

**MARLON BAGUS** *Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO** *Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/**
**HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# KAPATID MENTOR ME PROGRAM STRENGTHENING MSMEs IN CAVITE

**"Teach the people how to fish and you feed them for a lifetime."—Chinese philosopher Lao Tzu**

Conveying same ideology to such famous quote is the Kapatid Mentor Me Program of the Department of Trade and Industry (DTI) and the Philippine Center for Entrepreneurship (PCE) which was launched on August 24, 2018 at the Events Center of Fora Mall in Tagaytay City for MSMEs in the province.

During the opening program, Ms. Carina Virtucio, Supervising Trade and Industry Development Specialist, enlightened participants in her opening remarks on behalf of DTI-IV-A Regional Director Marilou Q. Toledo, encouraging the third batch of mentees to finish all the modules required in the project. She said that teachings on the different aspects of business will surely make them more confident entrepreneurs in the future.

Prior to the session proper, PCE Marketing and Programs Development Officer Paul De Guzman provided an overview of the Kapatid Mentor Me Project, underscoring the significance of proper change of mindset and attitude to help MSMEs bloom. Mr. De Guzman also shared how entrepreneurs can learn through the free negosyo seminars and trainings in order to acquire business linkages and embrace the culture of optimism.

For the first module, an Entrep Champ and Owner of VCargo Worldwide, Mr. Paulo Tibig focused mainly on Entrepreneurial Mindsetting and Values Formation. Mr. Tibig discussed barriers that can hinder success in the business operation as well as shared useful guidelines to overcome those blockades. He told mentees to avoid negative qualities including the "ningas kugon" trait, laziness, fear and the love-taking-shortcuts-attitude, emphasizing that right mindset plus correct attitude simply equates to success. A short quote that says "Dream without action is just a dream, plan without action remains to be a dream," concluded Mr. Tibig's lecture.

Meanwhile, Ms Jennifer Wieneke, Director for Marketing of Tokyo Tempura added motivation to attendees with her discussion on Marketing for the second module. She stressed out the importance of identifying the 4Ps in business and creating persona for analyzing various market needs and wants. Ms. Wieneke shared their journey on how their business continues to flourish and cope up with the global competition through the help of innovative marketing ideas.

With two topics concentrated on enhancing MSMEs competencies, the event also invited successful entrepreneurs in the province who also stirred the interest of participants with their success stories. Mr. Nelson Noceda of the La Noceda Food Products, Inc. told that when a business suffers with challenges, one must always remember to have patience because when an individual feel so down, there's no other way but to go up. Likewise, Mr. Nico Amora of E-harvest Corporation put emphasis on the value of being persistent as the business goes along since the path to take is not a smooth one. Lastly, Ms. Merlie Del Mundo, owner of Merniel's Food Products advised everyone to avoid the fear on venturing into what you love, and on starting over again, more importantly if it's your family that drives you to be better and stronger.

The event also became a venue for business clinic, with certified local mentors comprised of Atty. Khervy Reyes and Ms. Liza Gabatan from the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) providing consultation for free alongside the two resource speakers Mr. Tibig and Ms. Wieneke. They were also joined by Mr. Kenneth Fernandez of TIDS, BSMED who explained the BMBE Law.

Thanking everyone who made the Kapatid Mentor Me Program launching successful on behalf of DTI-Cavite Director Noly Guevara was Ms. Revelyn Cortez, who also expressed the agency's commitment in giving continuous assistance that will uplift MSMEs, strengthen business links and intensify programs that will further fuel economic development in the province. **(PICAD)**




REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16342-18

TARCELA L. DOMINGUEZ for herself and as Atty-in-fact of her husband VALERIANO S. DOMINGUEZ,
Mortgagor(s),
---------------------------------x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC), mortgagee, with principal place of business at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against TARCELA L. DOMINGUEZ for herself and as atty-in-fact of her husband VALERIANO S. DOMINGUEZ, mortgagors with residence and postal address at Bahayang Pag-asa Subd. Lot 3, Blk.6, Ph-10, Imus, Cavite and/or 7th St., B3, L30, Lawaan Vill., Balantang, Jaro, Iloilo City to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 30, 2017 amounts to TWO MILLION TWO HUNDRED FIVE THOUSAND NINE HUNDRED TWENTY FOUR PESOS & 11/100 (Php 2,205,924.11), Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on September 18, 2018 at 10 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-405673

"A parcel of land (Lot 3, Blk.6 of the subd. plan, Psd-05-051106, being a portion of Lot 8078, Imus Estate, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Bo. of Pasong Buaya, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 4, on the SW., along line 2-3 by Lot 1 both of Blk.6., on the NW., along line 3-4 by Road Lot 5; and on the NE., along line 4-1 by Lot 5, Blk.6, all of the subd. plan x x x containing an area of ONE HUNDRED TEN (110) SQUARE METERS" x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on September 25, 2018 at 10 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, July 27, 2018

(Sgd) ALEX E. MARTINEZ
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

COPY FURNISHED:
NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St.
Makati City 1200


VALERIANO & TARCELA L. DOMINGUEZ
Bahayang Pag-asa Subd. Lot 3 Blk. 6, Ph-10, Imus, Cavite

7th St., B3, L30, Lawaan Vill., Balantang, Jaro, Iloilo City

Publication: HANEP August 27, September 3 and 10, 2018

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



# MAGULO ANG IILAN AT PINAPALABAS ANG GOBYERNONG DUTERTE ANG DI MAINTINDIHAN?

Maraming isyu ang mga pinaguusapan unahin natin ang pagpili ng Pangulo sa bagong talagang Chief Justice Teresita de Castro bilang Kataas-taasang Hukuman ng ating bansa ayon sa Pangulo ay seniority ang naging basehan sa pagpili ng bagong punong mahistrado kapalit ng pinatalsik na si dating CJ Maria Lourdes Sereno. Ganoon paman ibat ibang Angulo ang nakikita ng mga opposition na sinasabi nila na ito isang baying utang at pabuya o pabaon dahil magreretiro na ito sa loob ng 40 days as CJ.

Marami pa tayong naririnig laban dito sa bago nating CJ De Castro na madaliin nito ang mga nkatinggang kaso lalo na sa pagbibigay daan sa Election Protest ng magkatunggaling sa nakaraang Election for Vice President na Marcos at Robredo at halos wala na raw magagawa ito para sa ikapagbabago dyan sa Korte Suprema dahilan sa halos isang buwan at 2 lingo lamang ito para magretiro sa kinalalagyan nito.

Simpleng kasagutan naman ni CJ De Castro na magiging abala na sya sa susunod na mga araw sa daming mga aktibidades na dapat nyang gagawin at di na dapat pang pag ukulan ng pansin ang mga sumasalungat sa kanyang bilang bagong pinakamataas na Hurado maging ang pagaksayahan pa ng pagiisip ang impeachment case na isinampa sa kanila ng mga taga opposition hayaan na lang na gumulong ito para saikakatuwa ng mga umaayaw sa kanya.

Sinabayan pa ng mga grupong paghasik ng gulo sa SULTAN KUDARAT at May 3 namatay bata at matanda na tinamaan ng shrapnel sa katawan na agad ikinamatay ng mga ito at marami pa ang nasugatan kung kayat maari pang palawigin ang Martial Law sa lugar ng Mindanao. Halos kabikabila ang ibinabato sa administrasyon ng Duterte na kesyo di kayang pamunuan ang gobyerno dahilan sa maysakit .

Halos di pa tapos ang inbistigasyon sa pagkasadsad ng XIAMEN Airline sa NAIA ay problema paringang mga damages sa mga OFWs na onsyame naman sa pagbalik trabaho ang iba at gutom na dinaranas sa airport pati na mga turista apektado rin ng ilang araw sa airport kung kayat sinasabi ng ilang dayuhan na di na babalik pa ng pilipinas sa sa kupad ng katugunan ng mga nangangasiwa sa paliparan.

Nagpapakitang gilas din ang ilang mga kaparian o mga tagasimbahan na silay target din ng Pangulong Duterte na ipapapatay dahilan sa kaso isinampa ng Atty. Sabio sa International Crime Court na sinasabi nitong si Father Amado Picarbal na isa sa mga witness sa inbistigasyon at magpapatunay sa mga pinapatay sa lugar ng Davao City na may katotohanan ika nito . Wala na bang katapusang paratangan ito o sadyang sila yong mga tao na gusting mamuno sa gobyerno? Papuntang Malacanang?

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to sfriday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/8978374 o kayay magtext sa cp no. bilang 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live youtube rj am Makati facebook rj am Makati at sa facebook dzrj 810 am and streanline just type www.ustream tv/channel/dzrj 810 am. Salamat po.

# TRAFFIC ENFORCERS NG IMUS CITY, HINDI NATINAG SA NAGPANGGAP NA PULIS

**ARESTADO ang dalawang kalalakihan na nagpanggap na pulis ang isa sa kanila matapos na sitahin dahil sa hindi pagsusuot ng helmet habang nagmomotorsiklo sa Imus City, Cavite.**

Hawak ng Imus City Police Station ang mga suspek na sina Darren Ray Siriban, 22, at Willyford Diesanta, 36, kapwa residente ng Bagong Carsada, Pasong Kawayan II, General Trias City.

Sa report ni PO2 Yvez Sosa Luyun, ng Imus City Police Station, dakong alas-tres ng hapon nang arestuhin ang dalawa sa Open Canal Road Brgy. Malagasang II-C, Imus City.

Nauna rito, nagmamando ng trapiko sina Arjie Tardio, Philip Jayson Castro, Fermin Lamberte, at Federico Macailan ng Imus City Traffic Enforcer nang sitahin nila si Siriban dahil sa pagmamaneho ng motorsiklo na walang suot na helmet.

Nang hingan ang kanyang drivers license ay tumanggi ito bagkus ay tinawagan nito sa cellphone si Diesanta.

Ilang minuto lang ay dumating si Diesanta at nagpakilalang pulis sa mga traffic enforcer at nanghingi pa ng mission order.

Hindi naman natinang ang mga traffic enforcer at hiningan din si Diesanta ng Identifiation Card (ID) subalit walang maipakita kaya pinagdudahan at inaresto ang dalawa at dinala sa presinto.

Kasong paglabag sa R.A. 10054, Disobedience Person in Authority at Usurpation of Authority ang isinampang kaso laban sa inarestong suspek. **GENE ADSUARA**



## HELMET
ni FREDDIE MANALAC

# ILLEGAL E SABONG SA QUEZON CITY OTBs AT MAYNILA OTBs

MARAMI sa Bayang Karerista ang nagtatanong kung bakit patuloy pa rin ang E Sabong o On Line sabong na nag-ooperate hanggang ngayon.

Isinasabay pa ang E Sabong tuwing araw na may karera ng kabayo. Ito ang nagiging sanhi ng paghina Sales ng karera.

Naglilipatan ang mananaya ng karera sa E Sabong dahil maganda ang ibinibigay na dibidendo kung mananalo ang pinustahan manok dahil maliit lang ang tinatanggal na porsiyento di gaya sa karera ng kabayo ay lumaki dahil sa tinatawag na Train Law na Malaki ang kinukuhang porsiyento kaya lumiliit ang dibidendo.

Sa Lungsod ng Quezon naglipana o halos lahat ng mga OTB ay meron E Sabong at sa Maynila naman ay meron sa Winford Hotel lang ang nag-ooperate.

Samantalang sa lungsod ng Mandaluyong at Pasay ay pinatigil ng mga Mayor sa mga OTB ang pagpapatakbo ng E Sabong sa kanilang nasasakupan.

Ang tanong ng Bayang Karerista ay kung mayroon Mayors permit ang mga OTB at may mayroon bang Franchise Permit ang Manila Cockers para isabay ito sa araw na may karera. Nagbabayad ba sila ng tamang taxes sa gobyerno?

Pinapatigil na sa mga OTB ang pangtanggap na pusta ng E Sabong dahil illegal diumano ito ayon sa pinuno ng Games and Amusement Board (GAB).

Kung hindi patitigil ang E Sabong sa araw ng may karera sigurado at tiyak hihina o babasak ang sales ng Horse Racing Industry dito sa ating bansa.

Manila Mayor Joseph Estrada at Quezon City Mayor Herbert "Bistek" Bautista alam kaya ninyo na meron Illegal E Sabong sa inyong nasasakupan?

**OOO**

Maraming Karerista ang maririnig mong puro angal dahil sa pangtanggal ng Daily Double at Forecast noong mga nakaraang araw.

Bakit daw tinanggal ang mga ito upang patayin o tumigil ang mga gambling lord na nagpapatakbo ng Illegal bukis.

Mahihirapan mapatigl ang mga illegal bukis kung hindi huhulihin mismo ang mga gambling lord at mga tauhan nito.

**DAPAT AKSIYON ANG GAWIN AT HINDI PURO DALDAL!**

**OOO**

Inaangal din ng mga mananaya ang mga machine teller sa mga OTB dahil nakikita nila na may hawak itong celpone at kumukuha ito ng taya.

Tama daw ba ang ginagawa ng mga machine teller na inuuna pa ang tumataya sa kanilang celpone kesa sa mga nakapilang mananaya.

Ang iba naman daw ay suplada at minsan ay sinisigawan o nagagalit sa mga tumataya.

**SINO ANG DAPAT GUMAWA NG AKSYON DITO?**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**EAST WEST BANKING CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

**F.C.CASE NO. 16379-18**

**LIZA MAE A. MALIXI,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **EAST WEST BANKING CORPORATION**, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at The Beaufort 5th Ave., cor 23rd St. Bonifacio Global City, Taguig City against **LIZA MAE A. MALIXI,** with residence and postal address at Lot 10, Blk.6, Rd Lot 6 cor Rd Lot 8, Treelane 2, Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite and/or 418 B Francisco St., Brgy. New Zaniga, Mandaluyong City to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION FOUR HUNDRED EIGHT THOUSAND FOUR HUNDRED NINETY ONE PESOS & 75/100 (Php 1,408,491.75)**, Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **September 18, 2018** at 10 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2016020450**

"A parcel of land (Lot 10, Blk.6 of the subd. plan, Psd-04-130632, being a portion of the cons. of Lot 1325, Imus Estate Rs-04-001050 L R C Rec. No.), situated in the Brgy. of Bayan Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the N., along line 1-2 by Lot 8, Blk.6, on the NE., along line 2-3-4 by Rd. Lot 8., on the SW., along line 4-5 by Rd Lot 6; on the NW., along line 5-1 by Lot 9, Blk.6, all of the cons. subd. plan x x x containing an area of **ONE HUNDRED THIRTY NINE (139) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **September 25, 2018** at 10 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **July 27, 2018**

(Sgd) **ALEX E. MARTINEZ**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**EAST WEST BANKING CORP.**
The Beaufort, 5th Ave cor 23rd St.,
Fort Bonifacio Global City
Taguig City

**LIZA MAE A. MALIXI**
Lot 10, Blk.6, Rd Lot 6 cor Rd Lot 8, Treelane 2,
Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite

418 B Francisco St., Brgy New Zaniga, Mandaluyong City

**Publication: HANEP** August 27, September 3 and 10, 2018

# FILIPINO IM GARCIA BINIGO SI INDON GM MEGARANTO PARA IHATID ANG KL CHESS KIDS TEAM ALPHA SA KAMPEONATO

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

**Hindi mapigilan ang pananalasa ni International Master Jan Emmanuel Garcia matapos pangunahan ang top board ng KL Chess Kids Team Alpha sa kampeonato sa katatapos na ASTRO Merdeka Rapid Open Team Chess Championship 2018 Sabado, Agosto 18, 2018 na ginanap sa Cititel Mid Valley Cititel Hotel dito.**

Si Garcia na head coach ng Ateneo de Manila University chess team ay pinadapa si Grandmaster Susanto Megaranto para selyuhan ang KL Chess Kids Team Alpha sa 3-1 win kontra sa Kab. Bekasi A Indonesia sa ninth at final round.

Bukod kay Garcia, ang iba pang miyembro ng KL Chess Kids Team Alpha na suportado ni Jaya Kumar Lechmanan ay sina Board 2 International Master Paulo Bersamina, Board 3 Fide Master Austin Jacob Literatus at Board 4 Vince Angelo Medina.

Tabla si Bersamina kay International Master Farid Firan Syah, namayani si Literatus kay International Master Anjas Novita at table naman si Medina kay Rida Mutiani ayon sa pagkakasunod.

Sina Bersamina, Literatus at Medina ay mga miyembro at produkto ng multi-titled National University (NU) chess team nina team manager Samson Go at head coach United States Chess Federation (USCF) Master Jose "Jojo" Aquino Jr.

Tumapos ang KL Chess Kids Team Alpha na suportado ni Jaya Kumar Lechmanan ng eight wins at one one loss, 16 Match Points at 26.5 board points sa nine outings.

Ang PT Pelabuhan Tanjung Priok A Indonesia na kinabibilangan naman nina IM Sean Wishand Cuhendi, IM Lutfi Muhammad Ali, FM Yoseph Thelifus Taher at FM Ivan Maxmillian Putra ay tumapos ng ika-2 puwesto matapos makaungos sa fellow 15 Match Points 3rd placer Tagaytay City Chess Team ni NCFP Secretary-General at Congressman Abraham "Bambol" Tolentino Jr. sa tie break points.

Ang Tagaytay City Chess Team ay binubuo nina IM Angelo Young, GM Rogelio "Joey" Antonio Jr., Rodolfo Panopio Jr. at Antonio Chavez Jr.

Ang mga nakapasok sa top 20 place ay sina ACA Men's Team A, PeBT Selangor, East Java, PT Pelabuhan Tanjung Priok B, Jakarta A Team, KL Chess Kids Team Beta, The Discovered Attackers, Marfori, Philippines, PPCT A, ACA Men's Team B, Kab. Bekasi A Indonesia, City of Dasmarinas, PT Pelabuhan Tanjung Priok Puti, Jakarta B Team, Kab. Bekasi A Indonesia, Penang State Team at Raja Murjah.

Mismong si Arkady Dvorkovich, former Deputy Prime Minister at former Assistant to the President ng Russian government na tumatakbo bilang FIDE President ang nanguna sa closing rites kasama sina former Women's World Champion Grandmaster Zhu Chen at tournament director Hamid Majid ng ng Malaysian Chess Federation. **(Marlon Bernardino)**




ANG tropa nila International Master Jan Emmanuel Garcia matapos pangunahan ang top board ng KL Chess Kids Team Alpha sa kampeonato sa katatapos na ASTRO Merdeka Rapid Open Team Chess Championship 2018 sa ginanap na awarding ceremony sa Cititel Mid Valley Cititel Hotel, Kuala Lumpur, Malaysia **(MARLON BERNARDINO)**



**KA-IW RACE** – Ang pagtawid sa finish line ng mga kalahok kung saan ay pasan – pasan nila ang tinatayang may timbang na 5 hanggang 7 kilo ng kahoy para sa kanilang pag takbo na ilan lamang sa katutubong laro sa Ifugao kaugnay ng matagumpay na Indigenous Peoples Games (IPG) 3rd leg sa Ifugao, Lagawe Plaza **(RGN)**

## 2nd Gayang Chess Championship Open Chess Tournament, IM Elec Docena nag Hari

**NAKAMTAN** ni International Master (IM) elect Jerad Docena ng Pasay City ang titulo ng 2nd Gayang Chess Championship Open Chess Tournament na ginanap kamakailan sa Guinayangan, Quezon.

Si Docena, na isa sa country's top woodpushers, ay tumapos sa seven-round Swiss system tournament ng 6 points, iskor din na naitala ni Vince Angelo Medina ng Cabuyao City, Laguna.

Naibulsa ni Docena ang top prize P10,000 at trophy sa bisa ng superior 25.5 tie break points kontra kay Medina's 23.

Si Medina na dating top player ng National University Chess Team ay nag-uwi ng P7,000 at trophy.

Magkasalo sa Third hanggang 7th placers ay sina Melchor Jullado ng Tayabas City (5.5 points, P5,000 at trophy, Albert Olavere ng Naga City (5.5 points,P3,000), Rigor Pedernal ng Lucena City (5.5 points, P2,000), Jesurie Hermita Calabia ng Calauag City (5.5 points, P1,000) at National Master Efren Bagamasbad ng Quezon City (5.5 points, P500).

Ang mga nakapasok sa top-15 circle ay sina Gerardo Villa ng Atimonan (5 points, P500), Jangli Lita ng Gumaca (5 points, P500), Noel Leron ng Naga City (5 points, P500), Juanito Magsumbol ng Mulanay (5 points, P500), Reymond Jay Ompod ng Mulanay (5 points,P500), Randolfo Padilla ng Lucena City (4.5 points,P500), Mark Anthony Palo ng Gumaca (4.5 points, P500) at councilor Gilbert C. Acob ng Guinayangan (4.5 points,P500).

Kaugnay nito narito ang talaan ng mga itinanghal na category winners na sina Cherie Ann Manalo ng Guinayangan (top lady, P500), Romeo Talavera ng Atimonan (top seniors P500), John Carlo Siaga ng Gumaca (top kiddie, P500), Nico Adrian Nosquial ng Guinayangan (top junior, P500), Jason Par ng Atimona (top unrated, P500), at Felicity Borneo ng Guinayangan (top Guinayangan,P500).

Samantala si Fide National Arbiter Atty. Nestor Barbosa ang nagsilbing chief arbiter sa event na matagumpay na inorganisa ni councilor Gilbert C. Acob na sinuportahan naman nina fourth district representative Dra. Helen Tan at Atty. Meyrick Andrew S. Osena. **(Marlon Bernardino)**

## Ika apat na gintong medalya kay Margie Didal ng skateboarding

NAISUOT ni Margielyn Didal tubong Cebu ang ika apat na gintong medalya ng bansa para sa women's street skateboard kumpetisyon ng ginaganap na 2018 Asian Games sa Palembang Jakarta.

Una dito naitala ni Didal ang markang 30.4 na puntos habang naungusan nito ang katunggaling si Kaya ng Japan na nakaipon lamang ng iskor na 25.0 kung saan ay nangibabaw ang pambato ng bansa.

Nakamtan naman ni Bunga Nyimas ng host country ang siyang kumuha ng bronze medal sa kartang 19.8

Samantala umakyat sa 16 na tala ang bansa para medalya na may 4 apat na gintong medalya at labing tatlong bronze medal.

Matatandaan na unang nag marka para sa karangalan ng bansa ang pag buhat ng gintong medalya ni Hidilyn Diaz para sa weightlifting, Sinundan naman nila Lois Kaye Go. Bianca Pagdanganan at Yuka Saso.

Ginampanan naman bilang flag bearer para sa delegasyon ng bansa ang ginanap closing ceremony sa huling araw ng Asian Games si Didal ayon sa ulat.




PINAYUNGAN sa depensa nila William Wilson at RJ Jazul ng Phoenxi ang nag hahagilap ng mapapasahang si Alaska rookie Jeron Teng sa ilang bahagi ng kanilang laro sa 2018 PBA Governors Cup tinalo ng Alaska ang Phoenix sa puntos na 108 - 97 sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**

# CAVITE LEARNING ACADEMY OFFERS ‘SAFE FOOD HANDLING’ TRAINING

**IMUS CITY, Cavite – Food businesses in Cavite may get their mandatory ‘safe food handling’ compliance requirements or better their chances to conduct business or be employed overseas by availing of a one-day FoodSHAP® Basic Food Safety Training for food handlers training, which will be offered by The International Skills Learning Academy - ISLA here on Sept. 22.**

ISLA Business Development Manager, Zarny Zaragoza, on Wednesday said ISLA has opened 40 training slots for the one day training, and admission comes for a fee.

The Sept. 22 schedule comes with post-training assessment, where participants get their certificate “also on that day if they pass,” Zaragoza added.

Under the Food Safety Act No. 10611, Article IX, Section 31 (on Training) mandates that all “personnel shall be trained on HACCP, on the codes of good practice and on technologies that will enable them to comply with regulations.”

It also states that mandatory training on safe food handling and similar courses should be implemented for food handlers of food businesses.

Likewise, Rule 14a.1 states that “all food businesses shall designate a Food Safety Compliance Officer (FSCO) who has passed a prescribed training course for FSCO recognized by the DOH.”

The Cavite provincial government of Cavite, likewise issued Provincial Ordinance No. 180, known as “An Ordinance Strengthening the Food and Beverage Safety Regulatory System in the Province of Cavite and Providing penalties for violation thereof.

Sec. 4.7 – 9 of the said ordinance states that “all food businesses shall have a FSCO who has passed a training course recognized by the Department of Health (DOH).”

The owner may serve as the FSCO, or a consultant. FSCO may be employed as part time or on full time basis.

The training course will depend on the size of the food businesses, whether it is Micro Enterprise; Small Enterprise; and Medium Enterprise.

Handlers of food businesses must attend the mandatory training on safe food handling from the DOH-recognized food safety training providers.

FoodSHAP®, the first Food Safety Certificate program in Asia to be fully accredited by the American National Standards Institute (ANSI) and its certificates recognized in the USA, has ISLA as its authorized course provider (with Centre No. 00025) in Cavite.

FoodSHAP®, Inc. is the partner of the Philippines’ Department of Health (DOH) in charge of developing the national Food Safety Training and Examination System (FSTESTM), and delivering it to every food handler in the Philippines through Authorized Course Providers. Its FSTESTM was also reviewed and accredited by the Department of Education (DepEd).

Another one-day training schedule is set on Oct. 13.

ISLA is located at 446 Tamsui Ave. Bayan Luma, Imus, Cavite (JR Base, at the back of BDO Imus Cavite). ***(Gladys Pino-PNA)***

# Conservation, information officers gather for seminar on energy efficiency

**TAGAYTAY CITY,** Cavite (PIA) – Energy conservation officers and information officers gathered recently here for a seminar on “Energy Efficiency in Government Buildings.”

The seminar was initiated by the Department of Energy (DOE) to assist government agencies on their compliance with the requirements of Administrative Order No.110 s. 2004 (A.O.110) that directs government agencies to institutionalize and enhance the Government Energy Management Program (GEMP).

In addition, GEMP requires government agencies to reduce their monthly consumption of electricity and petroleum products by at least ten percent; designates a senior official as its energy conservation officer; submit monthly and annual energy consumption reports; and prepares annual energy conservation program.

The seminar aimed to update participants on the revised implementing guidelines of the GEMP as it also presented the results of the energy savings on air conditioning and lighting conducted with the 161 government agencies.

It also shared practical tips on how to improve energy efficiency and conservation opportunities in buildings as well as discussed the energy efficiency and conservation roadmap 2017-2040.

The seminar was also undertaken to bring about savings in government agencies which could later translate to more employees’ benefits and privileges.

The said activity was an initiative of the DOE in partnership with the Philippine Information Agency IV-A in order to promote energy conservation.

In line with the DOE’s energy conservation measures, PIA is also currently promoting the DOE’s E-Power Mo information campaign nationwide. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite)**

# Bacoor bares ‘Bakood’ Festival activities in Sept.

**BACOOR CITY,** Cavite — The city’s annual celebration in honor of its patron saint, St Michael The Archangel, will be graced by Davao City Mayor Sara Duterte-Carpio as special guest and highlighted by various church activities and a ‘Kapamilya’ caravan, City Mayor Lani Mercado Revilla said on Tuesday.

Revilla, in an interview with the Philippine News Agency, said the annual celebration aims “to strengthen camaraderie and instill among the Bacoor constituents a sense of pride and appreciation for their rich cultural heritage, and to attract visitors and investors”.

She said the main event will be on the 28th while the 347th founding anniversary of Bacoor is on the 29th.

This year’s ‘Bakood Festival’ will have its usual dose of service-oriented and fun filled events, “marked with trade and jobs fairs” to promote the city’s tourism and trade and industry sectors.next month.

The September festivities will officially start on the 10th until the 14th, from 8 a.m. to 5 p.m., with the releasing of scholarship stubs for all public high school (Bacoor National High School) and public senior HS in Districts 1 & 2.

Private High School, Private Senior High School, PWG and Valedictorians will hold its releasing of stubs at the Strike Gymnasium at 1 p.m. of Sept . 23.

Other activities include a mass baptism at 9 a.m. on Sept 19 and 21 in IFI Bacoor and Molino, respectively; a Jobs Fair starting 9 a.m. of Sept 21, at the Strike Gymnasium; and Poster Making and Essay Writing contests on Sept. 21 at SM Molino and Sept.24 at Main Square Molino, both at 1 p.m.

As it continues to highlight the role the city played in the pages of history, a contest on the ‘golden’ knowledge of the city’s history will be held at the Revilla Hall of the Bacoor Government Center at 8 a.m. of Sept. 25.

It will be an early start on Sept 28, with the drum and lyre and civic parade along Gen. Evangelista Street at 8 a.m., followed by the Mobile Legends tournament at the SM Molino/Vista Mall at 10 a.m., Drum and Lyre Competition at the Strike Gymnasium at 12 noon and the Inter-school Tahong Cook Off at the University of Perpetual Help System-Dalta-Molino from 1 to 5 p.m.

On Sept. 29, TV Patrol Caravan takes place at the Plaza de Padre Mariano A. Gomez in the city’s Tabing Dagat village at 8 a.m. The day ends with an Aegis Concert at 8 p.m.

The food expo will be from Sept. 28 to 29 at the Main Square – Molino while the trade fair will run from Sept . 24 to 30, from 10 a.m. to 9 p.m. at SM Molino, and another one on Sept. 25-Oct 2, from 10 a.m. to 9 p.m. at SM City Bacoor. ***(Gladys Pino-PNA)***

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**

**0929-8127638**

# Anong klaseng ina?

LALAKI o babae, bata o matanda, may-asawa o wala, talagang sadyang walang pinipili ang droga.

Kagaya ng isang 34-anyos na ginang na si Cherry Mae Salibay Macoto na nahuli sa buy bust operation sa Sitio Ratan, Barangay Tangke, Cebu City.

Sa pahayag ni Sr. Insp. Alejandro Batobalonos, hepe ng Provincial Drug Enforcement Unit, matagal ng under surveillance ang ginang.

Ang dahilan ay sinasabing ang asawa at mga kapatid ng ginang ay nasa Talisay City Jail na iligal na droga rin ang mga kaso.

Walong medium at isang large pack ng shabu na may bigat na 55 gramo at aabot sa mahigit kalahating milyong pisong halaga ang nakuha sa pag-iingat ng ginang.

Ibang klase rin naman ang ginang na ito mantakin bang ang kanyang 15-anyos na anak ay ginagawa niyang runner o taga-deliver ng shabu sa kanilang lugar.

Anong klaseng ina ang ginang na ito, musmos pa ang anak ay idinamay na sa kaliigalan.

May pag-amin ang ginang sa pulisya, ang supplier niya ng shabu ay nanggagaling sa Ormoc City.

Ang tanong, sinong bigtime drug pusher mula sa Ormoc City ang kontak ng ginang na ito?

# PANALANGIN NI SHEENA HALILI, NATUPAD NA

**MAIKOKONSIDERANG natupad na ang isa sa mga ipinapanalangin ni Sheena Halili.**

Hindi ba at amindao ang aktres na talagang ipinagdarasal niya ang forever o long life relation sa kanyang non-showbiz boyfriend na si Jeron Manzanero.

Nakakakilig nga ang marriage proposal ni Jeron na ginawa kamakailan sa loob ng isang moviehouse sa San Juan City.

Mayroon pang background song na 'Tagpuan' ni Moira dela Torre at kasunod ay ang pagpasok ni attorney.

Sa pagpasok sa sinehan habang bitbit ang ring box ay sinabayan ng pagluhod ni Jeron sa nobya.

Siyempre ang kasunod ay ang super kilig na pahayag na 'will you marry me.'

Hindi naiwasan ng aktres na mapaluha matapos ang kanyang matamis na 'yes' na katugunan.

Para kay Sheena ay si Jeron ang kanyang tunay na panalangin na makasama habambuhay.

Last year kung inyong matatandaan ay may unang post ang aktres hinggil sa kanyang lovelife.

Anyway, 31-anyos na si Sheena at karapat-dapat naman na lumagay na sa tahimik.

Bongga 'di ba Katrina.

Si Katrina Halili ay pinsan ni Sheena.

Right venue na lamang ang hinihintay ng magkatipan para mapagpasyahan ang date ng kasal.



@@@

**CONGRATS** natin si **LJ Reyes** sa kanyang pagbubuntis sa nobyong si Paolo Contis.

Si Paolo ang naganunsuyo ng balita sa pamamagitan ng post nito ng sonogram ng bata sa kanyang Instagram accounts.

Hindi maitatago ang pasasalamat at sobrang saya ng aktor.

Posibleng magsisilang ng sanggol ang aktres sa Enero ng susunod na taon.

Three years na rin naman silang nagsasama at hindi naman ikinakaila na si LJ ay may anak din sa aktor na si Paulo Avelino.



@@@

**SPEAKING** of **Paulo Avelino**, suportahan natin siya sa kanyang pelikulang 'Goyo: Ang Batang Heneral.'

Makasaysayang istorya ito tungkol sa kuwento ni Gregorio del Pilar.



@@@

**BAKA** makalimutan din nating batiin si **Rochelle Pangilinan** sa kanyang pagbubuntis.

Labis ang kanyang pasasalamat sa Diyos dahil sinagot ang panalangin nilang mag-asawa.

Kasal si Rochelle sa aktor na si Arthur Solinap last year.

Congrats Rochelle and Arthur.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 80 labas)

**PAGDATING** ni Kardo sa bahay ay pagtatanong ang isinalubong agad sa kanya ni Inday.

Tapos na ang panandaliang pananatili ni Kardo kina Lyka dahil sa kanilang kasisilang na anak.

"Anong sinasabi mong walang conference sa Baguio, eh 'yun nga mga ikukuwento ko sa 'yo."

"Sino bang 'yung binabanggit mo kamo na nagpunta rito at sinabing walang conference sa Baguio."

Sa unang pagkakataon kasi ay nangyari ang pagkabog sa dibdib ni Inday.

Kahit naman kumabog ang dibdib ni Inday ay hindi naman kaagad siya nagkaroon ng pagdududa kay Kardo.

Kaya nga mahinahon naman ang pagtatanong ni Inday sa kanyang mister.

"Kako sino 'yung nagpunta rito?"

Nahahalata lamang ni kapitan na hindi sinasagot ni Inday ang kanyang katanungan.

Mas nauna kasing nagtanong si Inday kaya ang nais niyang sagot kay mister ay iyong totoo.

"Ulitin ko ha, may conference nga sa Baguio at 'di ba sabi ko nga sa 'yo ay 'yun ang ikukuwento ko sa 'yo."

Muling nagtanong si Kardo subalit nananatiling walang sagot ang kanyang misis.

Dahil hindi sumasagot si Inday kaya sinimulan na ni kapitan ang pagkukuwento.

Siyempre puro gawa-gawa o mga kasinungalingang kuwento ang binabanggit niya kay Inday.

Kasunod ay may inilabas na dalawang klase ng pasalubong si kapitan ay ibinigay kay Inday.

"Hayan oh 'di ba kitang-kita mo naman ang mga resibo ng mga 'yan."

"Mall sa Baguio ang pinagbilhan ko n'yan bago kami nag-uwian ay dumaan muna ako roon."

Mukhang epektibo na naman ang mga pagsisinungaling ni kapitan.

"Ganon ba, eh talagang sasabihin n'yang walang conference kasi ibang distrito sila noh."

Napilitan na rin si Inday na sabihin kay Kardo kung sino ang nagsabi sa kanya na walang conference sa Baguio.

Palibhasa ay hindi naman sobrang mausisa si Inday kaya nang pagkuwentuhan ay wala na siyang iba pang itinanong.

Hindi lamang nagpahalata si Inday na nakausap na siya ay nabigla.

"Alam mo ba na isa ang barangay ko sa mga napapagpiliang bigyan ng award."

Tuloy pa rin si Kardo sa kuwentuhang kasinungalingan sa kanyang asawa.

**(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-79 labas)

**MAAYOS** na inilarawan ni Maribeth ang itsura ng narinig niyang Caloy.

Nagpasalamat si Dagul at mahigpit na binilinan si Maribeth na huwag gagawa ng paraan para lamang makakuha ng impormasyon kay Caloy.

"Oo Kuya Dagul."

Nangako naman si Maribeth na hindi magtatanung-tanong kahit kanino.

Halimbawang may maririnig ay iyon lamang ang kanyang ipapaalam kay Dagul.

Ang sunod naman na puntirya ni Dagul ay kung paano siya makakagalaw sa lugar ng tinitirhan ni Maribeth.

Gagawa ng hakbang si Dagul na hindi maaapektuhan at lalong walang masamang mangyayari sa nobya ng kanyang kapatid.

Ibang klase talaga si Dagul, lubhang pursigido kaya naman palaging umaayon sa kanya ang pagkakataon.

Tumbok na ni Dagul ang pinagtataguan o eksaktong kinaroroonan ni Caloy.

Ang labis na pinag-iisipan na lamang ni Dagul ay ang tamang hakbang o gagawin niya.

"Opo 'atorni, totoo 'yung sinasabi ko sa inyo. Puntahan na po n'yo agad."

May mga ngiti sa labi ni Dagul na nagmamadaling umalis ng kanilang bahay.

"Yes 'atorni, meron at nasa loob ng selda. Sige 'atorni at puntahan mo na lang kung kakausapin mo."

Sa isang police station napadpad si Dagul batay sa tumawag sa kanya.

"Ano naman ang mapapala ko sa 'yo? 'Di kita kilala at bakit pag-aksayahan mo ako ng panahon?"

Kita kaagad ni Dagul ang sobrang pagiging arogante nang makaharap sa kulungan si Caloy.

Bastos makipag-usap si Caloy kahit pa isang abogado na ang kanyang kaharap.

Nasangkot sa isang gulo si Caloy at sa naganap na rambulan ay nakasaksak pa ito.

"Patay 'ata."

**(Sundan)**

# BACOOR TECH GRADS POST HIGHEST IN NUMBER, INCOME GENERATED

**BACOOR CITY, Cavite – This city has set the national record with the most number of graduates, with the highest income generated during the technical education trainings conducted by the Department of Information and Communications Technology (DICT) and the city government.**

At least 20 of its 23 scholars "religiously attended and completed the course" and posted a combined generated income of PHP24.470 million at the commencement of the training on 'Rural Impact Sourcing Technical Program' of the DICT and city government.

DICT Course Officer Engr. Melanio Mamalateo disclosed this top performance of the training program at the graduation rites of 20 scholars, graced by Mayor Lani Mercado Revilla and DICT Undersecretary Monchito B. Ibrahim, at the Revilla Function Room of the city hall on Tuesday.

The project, conceptualized to develop digitally empowered individuals to the rural areas and step up the barrio's information and technology sector, is also meant "to capacitate people to have another source of income," according to Ibrahim.

"Kung may Wi-Fi, may hanapbuhay (If there is Wi-Fi connection, there is livelihood)," added Ibrahim, as he cited the program tagline, suggesting that all the graduates need now is a Wi-Fi connection to start exploring income opportunities online.

The graduates were equipped with various skills through a 12-day hands-on training, with modules ranging from Branding for Companies, Products, Service' Web Development, Product Photography, Content Writing CRM & Email Follow Through; Data Privacy Law, Cybercrime Law, Digital Marketing Ethics; Search Engine Optimization & Email Marketing, Social Media Content Planning and Calendar, Business Blogging, Social Media Content Creation; and Building a Freelancer Profile.

The training which aims to improve the trainees' employability status or tap their entrepreneurial promise and support the micro, small and medium enterprises (MSMEs) boost their business by assigning the scholars to various businesses in Cavite for its 21-day online rollout.

About 50 percent or PHP12.733 million, of the PHP24.470 million combined generated income was posted by class top man Dennis Paguio, who was assigned at PJL Travel and Tours owned by Vilma Lastimano.

"The struggle is real, from qualifying for a scholarship slot, to complying with the course requirements, and the sleepless nights, and the effects of flood and habagat," Paguio said.

Paguio, who has a penchant for "free trainings" and have attended various Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) courses from commercial baking, auto mechanic and driving courses finds his calling with DICT's RIS, "ito talaga, I decided I am no longer for employment, pang business ako." (this is it, I am for business).

Revilla assured the graduates that "this is just the start," as the city's ICT Team led by Lodgene Asuncion, are now planning for possible expansion of their ICT facilities, "so we can help more" and other livelihood programs "to encourage more to earn even while doing this at the comfort of their homes."

She said that she acted and coordinated with DICT immediately when she learned about this program from Carmona Mayor Dahlia Loyola.

Of the scholars' record breaking success, Revilla highlighted the developed bonding and how they supported each other, which she said puts to action the city's 'One Team, One Love, One Bacoor' slogan initiated by the city government, which promotes that through cooperation and working for a common goal, people can do and achieve more.

Tuesday's activity was also attended by DICT's Tech4Ed Project Lead Maricar Magpili and Asst Regional Director Petronillo Villafuerte; with Bacoor City Livelihood Lita Gawaran, Dept of Trade and Industry Cavite Director Noly Guevara and Trainor Jeremiah D. Balan.

Aside from Paguio, the others who completed on top are Riziel Ejercito (2nd) and Jocelyn Camba (3rd).

The other scholars who completed the course include Reymen Delos Reyes, Amparo Fernandez, Randy Mate, Joan Samido, Jacqueline Gonzalvo, Jonathan Quinto, Geil Tuazon, Edward Sodoy, Maricar Mallorca, Darren Baquiler, Marivic Flores, Timothy Lee Solis, Roderick Valenzuela, Jose Noel Raymundo, James Dela Cruz, Jacqueline Hernandez, and Jennifer Lejano.

Robert Tabuzo and Winston Grageda, Jr. receive their certificate of attendance, while Edgard Moratin did not attend.

Other than PJL Travel and Tours, the other MSME partners include U Travel and Tours, Rvie Glass Aluminum Steel Supply and Services, Inciso Accounting Services, Aristocut Salon, Vhicmarie's Enterprise, JXY Enterprises, Ocean Fresh Tahong Chips;

BagsAndGo Travel and Tours, Alcalde's Menu, AG Mushroom Farm, Alltrain Skills Training Center, R2Ck Travel and Tours, 3A Test Review Centre Bacoor, Hands on Customized Souvenir Shop, David's Faith, Gaddi Realty, Make my Cake by Mums;

Vargas-Bungcasan Enterprise, Oddibelle's Food Products, RJ & Cae's Home Bake Cakes, Welco Insurance Agency and EM Abapo Realty.*(Gladys Pino-PNA)*



**BUSINESS IN INFO TECH**. Department of Information and Communications Technology (DICT) Undersecretary Monchito B. Ibrahim and Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla (2nd and 3rd from left, respectively) grace the graduation of the DICT Rural Impact Sourcing (RIS) Technical Training in Bacoor City, which wrapped up its 12-day hands-on training and 21-day online roll out with their partner Cavite MSMEs, at the Revilla Hall of the Bacoor City Hall on Aug. 28, 2018. ***(PNA photo by Gladys Pino)***

# Tsuper, bugbog sa 7 katao sinaksak pa

**KRITIKAL** ang isang 50-anyos na jeepney driver na mistulang lantang gulay nang saksakin at pagtulungang bugbugin ng pitong katao sa GMA, Cavite.

Ginamot sa Dela Salle University Medical Center ang biktimang si Randy Pusing ng Block 3, Lot 7, Brgy. Maderan, GMA dahil sa tinamong saksak at bugbog.

Hawak ng GMA police ang mga suspek na sina Ferdinand Lanuza, 34, driver; Jess Mar Candelaria, 24; driver; Jerwin Basea, 23; Elmer Sarsabia, 19; Joel Mineses, 20; Nilbert Senora, 20, at Vegel Meneses, 23, pawang helper at sa Maderan.

Sa report ni PO2 Bobie Balazo ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-12:30 ng hatinggabi nang nagtungo ang biktima sa tanggapan ng Lanuza Trucking sa Maderan upang alamin ang estado ng kayang nireréntahan na truck.

Gayunman, tila naangasan si Lanuza sa pagtatanong ng biktima na ikinagalit nito dahilan upang itulak ng una ang huli.

Isang Ryan Acebo ang nagtangkang mamagitan sa dalawa subalit sumugod naman si Bacea na may dalang patalim at sinaksak ang suspek.

Tila hindi pa sila nakuntento sa ginawa sa biktima, sumugod pa ang 5 pa nilang kasamahan at tumulong sa pambubugbog.

Natigil lamang ang pambubugbog nang dumating ang mga Bantay Bayan ng Maderan na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga suspek habang ang biktima ay isinugod sa Dela Salle University Medical Center (DLSU) kung saan nasa malubhang kalagayan. **GENE ADSUARA**



**DARPO CAVITE CONDUCTS CLOA DISTRIBUTION:** On August 25, 2018, the Department of Agrarian Reform Provincial Office (DARPO)-Cavite conducted an ARB Congress and CLOA distribution at the International Institute of Rural Reconstruction in Silang. DAR Secretary John Castriciones led the ceremonial turnover of Certificates of Land Ownership to a total of 163 Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) in Cavite that covered a total of 112.3266 hectares of land in the province. In his message, Atty. Castriciones told farmers to treasure the land granted to them, as well as to perform the duties mandated under the Comprehensive Agrarian Reform Law or the RA 6657. Cavite Provincial Agrarian Reform Program Officer James Dubongco expressed appreciation to other guests who also served as speakers to the ARB Congress including ASEC Atty. Elmer Distor, Regional Director Rene Colocar and Asst. Director Priscilla Ong. **(PICAD)**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# DOH-CALABARZON OPENS SURGERY CENTER IN BATMC

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo together with local government officials of the Province of Batangas led the inauguration and blessing of the new surgery center at the Batangas Medical Center (BatMC) that will deliver advanced surgical care services the region on August 24, 2018.**

"This surgery center will provide top of the line surgical services not only to the people of Batangas but to nearby southern provinces and can accommodate more patients needing surgical operations." Director Eduardo C. Janairo stated during the opening program.

"It offers a wide range of surgical procedures, from outpatient surgeries to more complex surgical cases requiring hospitalization. Patients need not go specialty hospitals in Manila because all the available surgical services will be readily available for them," he emphasized.

The BatMC Surgery center offers six spacious operating suites and provides the technology needed to perform a wide variety of surgeries, including general surgery. It also features modern equipment known as boom technology and digital imaging displays.

The new Surgery "B" building with Operating Room Complex was funded through the DOH-Health Facilities Enhancement Program (HFEP) with an allotment amounting to P155,900,00.80 million. Six old operating rooms are subject for renovation

In 2017, The OPD – Psychiatry Building was completed including the MRI Building with a 1.5 Tesla Magnetic Resonance Imaging (MRI) Machine that is used to produce detailed pictures of the body's organs and structures. BatMC is also ISO 9001-2015 accredited.

"It is important for hospitals to evolve, expand its facilities, and provide new technologies to meet the needs of the people and bring the best possible health care to them. Quality care, safety and patient satisfaction must always be underlined," Janairo concluded.

BatMC opened on January 1, 1928 as Batangas Provincial Hospital with a 30-bed capacity. It was renamed as Batangas Regional Hospital on July 10, 1962 after it was designated as a teaching and training hospital. By virtue of Republic Act No. 9791, it was converted to Batangas Medical Center with 500-bed capacity.



(L-R) Batangas Governor Hermilando I. Mandanas, Department of Health (DOH) Calabarzon Director Eduardo C. Janairo, DOH Assistant Secretary Maria Francia M. Laxamana, Batangas Medical Center (BatMC) Chief Dr. Ramon C. Magnaye, cuts the ceremonial ribbon during the inatuguration and opening of the Surgery Center at the Batangas Medical Center in Batangas City on August 24, 2017. **BOY NAMORA**

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## BIG MOUTH BERNIE, NAGWAGI; INDIAN WARRIOR, NAKADEHADO

Sa pambungad na takbuhan ay malaki na talaga ang tsansa na makatikim ng panalo ang kabayong si Bigmouthbernie kapag ang distansiya ay 1,200 meters lamang, ika nga ay angkop ang nasabing distansiya para sa kapasidad niya at maliban pa riyan ay naging malaking pabor din na walang nakagambala sa kanila ng hinete niyang si Jeff Zarate sa harapan kaya lalong nakabuo. Sa karerang iyan ay halos naging outstanding favorite ang tambalan nina Combaton at Dikoridik Koridak, pero ayon sa mga karerista ay sadyang mas lamang ang porsiyento ng koneksiyon nila na hindi nagwawagi ang alaga kapag nalalagay sa unang karera lalo na kung liyamado pa sa lahat. Sa kasunod na karera ay bumanderang tapos naman ang pinakadehado sa lahat na si Atinkupung Singsing na sinakyan ni substitute rider Claro Saulog Pare Jr. kontra sa kanilang mga nakalaban sa isang condition race#22 na grupo, sinamantala nila ang basang pista at ikli ng distansiya. Tanging si Gato Del Valle lang ni Martin Cangas ang nakasunod sa ayre. Hindi naman nabigo ang mga sumuporta sa kabayong si Indian Warrior sa kamay ni Unoh Hernandez, lalong lalo na iyong mga nag single at nagtiwala na naglakas loob. Sa karerang iyan ay medyo mestiso ang naging diskarte sa isa sa mga naging paborito na si Goldbar ni Onyok Garcia, habang sina Mid Summer Night at Mi Bella Amore naman ay mukhang hindi mga kasali sa takbuhan sa klase ng pagdadalang nagawa sa kanila ng kanilang mga hinete na maging sa larong pentafecta event ay hindi man lang nakapasok. Masyadong garapalan ang pinag gagawa ayon sa mga eksperto na sa panonood at bumase sa mga pruwebang naitala ng dalawang nasabing kalahok na tila nagpapababa pa ng grupo kaya tago ng tago paatras sa likuran.

# Sundalo 'nasilo sa bato' sa loob ng motel

**NATIMBOG** ng mga tauhan ng Manila Police District(MPD) ang isang 36-anyos na miyembro ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas makaraang ireklamo sa awtoridad ng isang babae na pinipilit umanong pagamitin ng iligal na droga sa loob isang motel Martes ng umaga sa Sta. Cruz, Maynila.

Ayon kay MPD PS3 Supt Julius Cesar Domingo, ang suspek ay si Reynante Briones, alyas Nante, 36, residente ng 678 ML Quezon St., Brgy. Casuntingan, Mandaue, Cebu City at nagpakilalang miyembro ng Armed Forces of the Philippines na may ranggong Corporal sa EOD squad Camp Aquino, Tarlac City.

Base sa ulat, dakong 10:30am nang maaresto ang suspek sa Room 23 ng isang di-pinangalanang motel sa kanto ng Rizal Ave. at Remegio St. Brgy. 332 Sta Cruz makaraang rumesponde ang kapulisan ng Alvarez PCP sa tawag ng isang babae na may nagaganap umanong iligal na aktibidad sa nasabing lugar.

Sa imbestigasyon, pinilit umano ng suspek na gumamit ng iligal na droga ang babaeng kasama nito sa loob ng kwarto ng motel.

Nakagawa umano ng paraan ang babae upang makalabas sa kuwarto at naiwan ang suspek.

Kasunod nito, dito na nahingi ng tulong ang babae na mabilis nirespondehan ng pulisya.

Kasama ng babae, pinasok ng pulisya ang kwarto at nasamsam sa posesyon ng suspek ang isang sachet ng shabu at drug paraphernalias.

Tumanggi naman magsalita ang suspek at 'di na nagpaunlak ng panayam nang ito ay maaresto ng pulisya.

Kasalukuyang nasa kostudiya ng MPD Station 3 ang suspek na nahaharap sa kasong paglabag sa RA9165 Sec 11 at 12 o illegal possesion of dangrous drugs and paraphernalias. **(BRIAN GEM BILASANO)**



**NATIMBOG** ng mga tauhan ni MPD PS3 Supt Julius Cesar Domingo sa pangunguna ni Alvarez PCP C/Insp Roy Calulot ang suspek na si Reynante Briones na nagpakilalang myembro ng AFP EOD squad ng Camp Aquino Tarlac na may ranggo bilang Corporal makaraang ireklamo ng isa di-pinangalanang babae na pinipilit umanong pagamitin ng shabu sa loob ng isang motel sa Sta Cruz Maynila. Nasamsam ng pulisya ang isang sachet ng shabu at drug paraphernalias sa posesyon ng suspek na inabutan pa sa loob inupahang kwarto sa motel. **(BRIAN GEM BILASANO)**

# Sanggol, lalaki natagpuang patay sa Cavite

**ISANG** bagong silang na sanggol at isang lalaking tadtad ng tattoo ang natagpuang patay sa magkahiwalay na lugar sa Dasmarinas City, Cavite.

Ayon kay PO2 Maria Rowena Espinosa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-6:30 ng hapon nang natagpuan ang bangkay ng isang hinihinalang bagong silang na sanggol sa may creek sa gilid ng Public Cemetary sa Brgy. San Nicolas 1, Dasmarinas City.

Sinabi ni Espinosa na may pusod pa subalit namamaga na ang sanggol nang natagpuan ni Florencio Carner, Jr., utility worker ng San Nicolas 1.

Ayon naman kay SPO1 Elmo Caboboy, dakong alas-siyete ng gabi nang natagpuan ang bangkay ng isang lalaki sa gilid ng kalsada sa NIA Road, Brgy. Paliparan 1.

Inilarawan ang biktima na may edad na 30-35 , nakasuot ng t-shirt na may nakaimprentang "Harley" at itim na short, may tattoo ng rosaryo sa kanyang dibdib, "Lando, Nicolas" sa likod, kaliwang bahagi ng katawan habang sa kanang bahagi ay "Sputnik" at sa ibabang bahagi sa likod ay "Linda Briol at Alex".

Inaalam pa ng pulisya kung ano ang dahilan ng pagkamatay ng biktima. **GENE ADSUARA**

# SISTERS PARTNERS IN CRIME SA 'DASMA, HANGGANG KULUNGAN MAGKASAMA

**MINSAN pang napatunayan na sa hirap at ginhawa ay hindi nagkakahiwalay ang magkapatid kaya mula sa trabaho hanggang sa kulungan ay magkasama sila matapos na naaresto dahil sa paglalako ng shabu sa isang pulis sa Dasmarinas City, Cavite.**

Kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng Article II ng RA 9165 ang isinampang kaso laban sa magkapatid na sina Maricel Ilano y Castro, 38 at Mirasol Balansag y Castro, 42, kapwa may-asawa at residente ng Excess Lot San Lorenzo Subd., Brgy. Zone 1A Dasamarinas City.

Sa report ni PO3 George Fajardo, Jr., dakong alas-4:00 ng hapon nang naglatag ng buy-bust operation ang mga elemento ng Intel/City Drug Enforcement Unit (CDEU) ng Dasmarinas CPS sa Excess Lot Brgy. Zone 1A, Dasmarinas City at target nila ang magkapatid.

Isang poseur buyer ang nagkunwag bibili ng shabu sa dalawa at sa tiyempong "mag-aabutan" ay dito na nagpakilalang pulis na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Narekober kay Ilano ang 6 na piraso sachet ng hinihinalang shabu , electronic weighing scale at P500 na buy-bust money habang 8 pirasong sachet ng shabu naman kay Balansag na may kabuuang 14 gramo at may street value na P95,200.

Mula sa iisang bahay ang magkapatid ay muling magkasamang nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center. **GENE ADSUARA**



Agad pinuntahan nina Congressman Atong Asilo ng Tondo at SAP Bong Go ang mga nasunugang residente ng Barangay 91 Zone 8 ng Tondo, Manila. Makikita sa larawan sina Cong Asilo at SAP Go na kinakausap ang mga residente na sunugan at nangakong bibigyan sila ng tulong. **(FREDDIE M. MANALAC)**

# 2 arrested drug pushers yield P130K worth of shabu in GenTri City

**GENERAL TRIAS CITY**, Cavite - Two suspected street drug pushers were collared by local drug enforcement unit (DEU) here during buy-bust operations at Tropical Village Pabahay (housing site) in Barangay San Francisco in this city Monday evening.

Supt. Paul Bometivo, local police chief here identified the two street-level target (SLT) drug peddlers as Norsia Mila Banasing alias "Nanu" and Vandhar Jalmaani Hassan, alias "Vandhar," who were caught in possession of illegal drugs around 8 p.m. in the said village.

In an interview, Bometivo said the city DEU team recovered six heat-sealed transparent plastic sachets of suspected 'shabu' weighing around 20 grams, with an approximate street value of PHP 130,000.

The two suspects are now detained at the GenTri detention cell as they await charges for violation of Sections 5 and 11, Article 2 of Republic Act 9165 or the "Comprehensive Dangerous Drugs Act." ***(Dennis Abrina/PNA)***




**PGC HOLDS 3RD GOV. BOYING C. REMULLA CUP**: The Provincial Government of Cavite thru the initiative of the Provincial Youth and Sports Development Office held the 3rd Gov. Boying C. Remulla Cup (Cavite Taekwondo Championship) on August 25, 2018 at Brgy. Inocencio Covered Court in Trece Martires City. The event was participated with more than 200 competitors from different taekwondo club in the province. The competition was divided into four categories, namely: grade school division, junior division, senior division and cadet division. Philippine Christian University-Dasmariñas was hailed as the over-all champion followed by Kaizen Taekwondo Club as 1st runner up. Storm Power Taekwondo Club and Grim Kickers Taekwondo Club placed 2nd runner up and 3rd runner up, respectively. Winners received a medal, trophy and cash prize from the provincial government.**(PICAD)**



KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136

# OA nga ba ang management ng Wilcon sa Kalayaan, Kawit?

ITONG si 'Juan dela Cruz' ay nagpunta sa Wilcon Depot na nasa kahabaan ng Centennial Road sa Kalayaan, Kawit, Cavite last (Monday) August 27.

Bibili dapat siya ng ilang kasangkapan o kagamitan para sa kanyang bagong inuupahang maliit na tanggapan.

Single motorcycle lamang ang kanyang dala at kung may magugustuhang gamit gaya ng computer o office table plus chairs ay maaari namang ipadeliver na babayaran na lamang kung magkano ang charges or puwedeng kumuha sa mga nakapilang tricycle at aarkilahin.

Sadyang bibili si Juan kahit mga small items katulad ng mga ilaw, extension cord at iba pa para nga sa kanyang opisina.

Sakali may iba pang mabibili ay may kasama o angkas naman siya na magbibitbit.

Dalawa ang parking slots ng Wilcon para sa mga single motorcycle.

Dahil masunurin si Juan kaya nang makita niya na iyong isang slot ay may karatulang 'exclusive motorcycle parking for Wilcon employees only' ay hindi siya roon pumarada sa kabila na mayroong lilim.

Iyong slot na para sa mga costumer na kahit matindi ang sikat ng araw ay doon ipinarada ni Juan ang kanyang motorsiklo.

Nagpaiwan si Juan at sinabihan ang kasama na pumasok ng Wilcon at bahala ng bumili ng mga kakailanganing gamit.

Ang kanilang dalawang helmet ay ipinatong ni Juan sa upuan ng motor para panlaban sa sikat ng araw.

Magkatapat lang ang parking area ng mga motor para sa mga empleyado ng Wilcon at iyong para sa mga kostumer.

Palibhasa nga ay may lilim doon sa parking ng para sa mga empleyado dahil sa puno (tree) kaya sumilong si Juan.

Heto ang siste, isang security guard ng Wilcon ang lumapit kay Juan at pinaalis siya sa kanyang kinasisilungan o kinatatayuan.

Ang sabi ng gwardiya, ang area raw na iyon ay para sa mga empleyado lamang.

Nakikiusap si Juan na nakikililim lamang siya at itinuro ang kanyang motorsiklo na nakabilad sa sikat ng araw para ipaalam sa sekyu na kostumer siya ng Wilcon.

Ikinakatwiran ng guwardiya na ang area raw na iyon ay para sa mga empleyado lamang at itinuturo ang karatula o signboard.

Malinaw ang nakalagay sa karatula na 'parking for employees only' kaya ang sabi ni Juan na dapat ay lagyan pa ng management ng panibagong karatula.

Kung ayaw magpaistambay sa area na iyon, ang mungkahi ni Juan ay lagyan iyon ng karatulang 'this area is exclusive for Wilcon employees only.'

Santisima, santosidad naman po eh nakikililim o nakikisilong lang ang inyong kostumer ay pagdadamutan pa ninyo.

Nasaan ang utak at puso ng management ng Wilcon diyan sa Kawit?

Katwiran ng sekyu ay iyon daw ang utos ng management.

Ngayon, kung talagang hindi kayo nagpapaistmabay sa motorcycle parking exclusive for employees only ay tama po si Juan na lagyan din ninyo ng iba pang karatula.

Hindi iyong igigitgit o ipagmamalaking ituturo ng sekyu ang karatulang 'parking for employees only.'

Puwedeng sabihin ng sekyu na bawal istambay doon pero por dyos por santo, huwag ituturo iyong karatula dahil maliwanag pa sa sikat ng araw ang ibig sabihin niyon.

Katawan o sarili lamang ni Juan ang inihimpil niya sa area na iyon at hindi ang kanyang motorsiklo para lamang makalilim o makasilong sa araw.

Kaya ang katanungan ay ganyan na ba ka-over acting (OA) o sobrang arte ng management ng Wilcon diyan sa Kawit?

Lilim o silong lamang para sa tao ay ipinagdadamot pa ninyo, anong klase kayo?

Si Juan dela Cruz na binabanggit nating ito at kanyang kasama ay marami-rami na rin pong nabili dati pa diyan sa Wilcon na ang paradahan pa ng single motorcycle para sa kostumer ay malapit sa entrance.

Dahil sa pangyayari ay isinumpa na niya ang Wilcon Depot na iyan sa Kawit bunga ng kawalan ng kahit na maliit na konsiderasyon ng management para sa kagaya niyang regular kostumer.

Sa mga makakabasa, kayo na po ang humusga.